

NOTE:

Please first read the APPENDIX.



LIMANG SANGKAP

***Ng Habangbuhay na Pag-ibig at Matrimonyo
(F.A.C.T.S. of a Lifelong Love & Marriage)***

Ni Pastor Bien Llobrera

PAMBUNGAD

1. Simula pa noong una, ang matrimonyo o pagsasama ng mag-asawa ay nanganganib sa maraming puwersang gustong sumira nito. Sa Biblia, sa ilalim ng batas ni Moises, ang diborsyo ay pinahintulutan na. Subalit sa modernong panahon natin, sa Amerika at sa iba pang mga bansang kanluranin, napakadali na ang magkaroon ng diborsyo kahit walang dahilan. At hindi magtatagal ay gagaya na rin ang iba pang mga bansa sa daigdig. Sa Pilipinas ay mayroon ng mga tao na nagkakampanya upang gawing legal ang diborsyo.
2. Noong mga limampung taong nakaraan, ang mga lalaki at babaing nagsasama nang hindi kasal ay itinuturing na namumuhay sa paraang di katanggap-tanggap sa mata ng lipunan. Pero ngayon, ang mga artistang nagsasamang di kasal ay ipinagyayabang pa ang mga anak na ang tawag ay “love child”.
3. Subalit isang lindol na pagbabago ang nagbabantang mangyari kapag maging legal na sa buong daigdig ang “same sex marriage” – ang kasal ng lalaki sa kapwa lalaki at kasal ng babae sa kapwa babae. Ang kinaugalian nating paraan ng matrimonyo at pamilya ay nanganganib na ibasura na parang mga buto ng mga hayop na matagal ng patay.
4. Mayroon bang paraan upang magkaroon ng matrimonyo o pagsasamang mag-asawa na masaya at tumatagal habang buhay? Sang-ayon sa Biblia, ang

sagot ay OO! Ang Biblia ay nagbibigay ng F. A. C. T. S. – limang sangkap ng di-nagmamaliw na pag-ibig at matrimonyo, mga sangkap na magpapalakas at magpapayaman sa mga pamilya.

5. Ang salitang F. A. C. T. S. ay sumasagisag sa limang sangkap ng di-nagmamaliw na pag-ibig at matrimonyo. Sa English, ang mga sangkap na ito ay ang sumusunod:
 - Foundation – Pundasyon
 - Aceptance – Pagtanggap
 - Communication – Komunikasyon
 - Teamwork – Pagkakaisa
 - Satisfaction and Success – Kaligayahan at Tagumpay

**FACT 1: FOUNDATION
SANGKAP 1: PUNDASYON**

6. Pero baka may magsasabi, "Saglit lang, pastor, hindi ba natin nakalimutan ang pinakaimportanteng bagay sa lahat?" At ang tanong ko ay, "Anong nakalimutan natin?" Ang sagot mo, "Pag-ibig!"
7. Ang dahilan kung bakit hindi natin isinama sa mga sangkap ang PAG-IBIG ay sapagkat ito’y talagang kasama na sa relasyon ng dalawang magsing-ibig. Ang dahilan kung bakit sila nagpasiyang magpakasal ay sapagkat may pag-ibig sila sa isa’t isa. Madalas na sinasabi nila na “they are madly in love with each other”; sila’y hibang na hibang o nababaliw dahil sa kanilang pag-ibig sa isa’t isa. Inaamin nila na sila’y nahihibang, na sila’y nababaliw. Kung kaya maitatanong natin, hindi kaya ito ang problema? Sapagkat kung sila’y natauhan na at napawi na ang kanilang pagkahibang at pagkabaliw, ay doon nila mapag-isip-isip na gusto na nilang kumalas sa kanilang sinumpaang pangako noong sila’y ikinasal.
8. Uulitin natin: Ang PAG-IBIG ay dapat naroroon na antemano sa pasimula pa lamang ng matrimonyo. Ang tanong na sinisikap nating sagutin ay ito: Paano mapananatili ng mag-asawa ang kanilang pag-ibig upang ang kanilang samahang mag-asawa ay magtatagal habang buhay? Ang limang sangkap ng F. A. C. T. S. ay makakatulong sa kanila upang maging matibay ang kanilang pag-ibig at matrimonyo.
9. Kaya nga, tuloy na tayo sa unang sangkap. Ang letra F ay sumasagisag ng FOUNDATION – PUNDASYON – na kailangan upng ang pag-ibig at matrimonyo ay maging maligaya at di-magmamaliw habang buhay.

HILAHANG-LUBID – TUG-OF-WAR

10. Pag-aralan natin ang dahilan kung bakit gustong kumalas ang mga mag-asawa sa kanilang pangako sa matrimonyo. Naalaala ba ninyo ang larong

HILAHANG-LUBID – TUG-OF-WAR? Sa totoo lang, maraming mag-asawa ang nag-aakala na ang matrimonyo ay isang laro ng TUG-OF-WAR.

11. Noong sila’y magkasintahan pa lang at pagkatapos ay nagpakasal, ang nobyo at nobya ay masayang-masaya sa simula, kasi ginagawa nila ang dapat gawin ng magsing-ibig – lagi nilang sinisikap na gawin ang mga bagay na makakaligaya sa kanilang mahal. Sa English “honeymoon stage” ang tawag sa panahong ito ng bagong-kasal. Gaano katagal umaabot ang “honeymoon stage”? Gaano katagal ang panahon na ang mag-asawa ay sinisikap na magawa ang nakakapagpasaya sa isa’t isa? Hindi pare-pareho ang karanasan ng mga mag-asawa. Pero tiyak na, sa malao’t madali, ang totoong ugali ng puso ng tao ay lalabas.
12. Ang Biblia ay nagsasabi kung ano ang tunay na ugali ng puso ng tao sa Santiago 4:1-2: Saan nagbubuhay ang mga pagbabaka at saan nagbubuhay ang mga pagaaway sa inyo? hindi бага nagbubuhay dito, sa inyong mga kalayawan na bumabaka sa inyong mga sangkap? Kayo'y nangagiimbot, at kayo'y wala: kayo'y nagsisipatay, at kayo'y nangaiinggit, at hindi maaaring kamtan: kayo'y nangakikipagaway at nangakikipagbaka...”
13. Tingnan natin ang tunay na larawan ng puso ng tao. Sa loob ng puso ng asawang lalaki ay mayroong trono; sa loob ng puso ng asawang babae mayroon ding trono. Hulaan ninyo, sino ang nakaupong hari sa puso ng asawang lalaki? Siyempre, si mayabang na “Haring Ako”. At hulaan ninyo kung sino ang nakaupong reyna sa puso ng asawang babae? Siyempre, si mataray na “Reynang Ako”. Ito ang puno’t dulo ng lahat ng pag-aaway sa buhay ng mag-asawa at sa loob ng pamilya, at maging sa daigdig ng mga bansa. May dalawang kaharian na may kani-kaniyang pinuno. Sabi ng lalaki, “Ako ang hari at ako ang masusunod.” Sagot ng babae, “Aba, reyna din ako at ako ang masusunod.”
14. Diyan nagsisimula ang tug-of-war, diyan nagsisimula ang hilahang-lubid. Hihilahin ng lalaki ang lubid papunta sa kanya at igigiit, “Ito ang gusto kong mangyari, at ikaw, babae, ay dapat sumunod sa gusto ko.” Hihilahin naman ng babae ang lubid papunta sa kanyang sarili at igigiit din, “Hindi, ito ang gusto kong gawin natin, at ikaw, lalaki, dapat kang sumunod sa akin.” At ano ang mangyayari? Patuloy na maghihilahan ang mag-asawa hanggang mangyayari ang isa sa sumusunod na tatlong resulta:
 - RESULTA 1: Susuko ang isa sa kanila (si lalaki o si babae kaya), at sasabihin na lang, “Sige, panalo ka, susunod na ako sa gusto mo.” At ang natalong partner ay lilipat upang sumama sa panig ng nanalong partner. At magkakaroon sila ng samahang mag-asawa kung saan ang lalaki ay diktador at ang babae ay basahang inaapak-apakan; o kaya’y ang babae ang reyna at ang lalaki ay ander-de-saya.
 - RESULTA 2: Walang susuko... patuloy silang maghihilahan hanggang mapagod sila sa kahihila, bibitawan na lang basta ang lubid at magkanya-kanya na ng lakad. Sa America, ito ay mauwi sa diborsyo. Sa Pilipinas, kasi walang

diborsyo, maghihiwalay na lang sila; o kung hindi man hiwalay, wala na lang pakialaman.

- **RESULTA 3:** Magbibigayan ang mag-asawa at pupunta sila sa gitna kung saan hahanap sila ng dahilan kung bakit kailangan nilang patuloy na magsama.
15. Pansinin natin na sa **RESULTA 1** (diktador at basahan), maaring magtatagal ang pagsasamang mag-asawa pero kaawa-awa ang partner na basahan.
 16. Sa **RESULTA 2** (diborsyo) masasaktan ang buong pamilya (tatay, nanay at mga anak). Kahit ayaw aminin ng marami, ang totoo ay nag-iiwan ng panghabang-buhay na sugat at masamang epekto ang diborsyo sa buhay ng lahat ng miyembro ng pamilya.
 17. Sa **RESULTA 3** (magbibigayan), tatagal ang pagsasamang mag-asawa hangga't handang magbigayan ang mag-asawa. Sa ibaba ay makikita ang halimbawa ng mga dahilan kung bakit magbibigayan ang mag-asawa:
 - (a) Alang-alang sa mga anak;
 - (b) Hanggang lumaki ang mga anak;
 - (c) Upang pangalagaan ang reputasyon ng pamilya;
 - (d) Alang-alang sa ambisyon, lalo na sa pulitika;

PAANO MALUTAS ANG TUG-OF-WAR

18. Paano natin malulutas ang tug-of-war o hilahang-lubid sa matrimonyo?
Malulutas natin ito sa pamamagitan ng pagbibigay sa mag-asawa ng **SOLID COMMON GROUND** – isang matatag na lugar sa gitna kung saan papayag ang mag-asawa na doon sila pareho maninindigan habang buhay.
19. Ang Biblia ay nagbibigay ng **MASTER PLAN** (Maestro Plano) mula sa Diyos upang maging masaya at panghambang buhay ang pagsasamahang mag-asawa. Ang planong ito ay magbibigay ng **FOUNDATION – PUNDASYON** sa pagsasamang mag-asawa. Tulad sa pagtatayo ng isang bahay, ang matrimonyo o pagsasama ng mag-asawa ay dapat nakatayo sa matatag na pundasyon. Ang **PUNDASYON** na kaloob ng Diyos ay binubuo ng tatlong sangkap: **ISANG PANGINOON (ONE LORD), ISANG BATAS (ONE LAW), ISANG LAYUNIN (ONE PURPOSE)**.

ISANG PANGINOON – ONE LORD

20. **ISANG PANGINOON** (Basahin natin ang Roma 10:9,10). Nais ng Diyos na ilagay ang pundasyong ito sa inyong puso bilang mag-asawa. Layunin ng Diyos

na baguhin ang inyong puso upang hindi na ito kontrolado ng sarili kundi ito'y maging kontrolado ni Cristo. Muli, huwag nating kalimutan na sa puso ng bawa't tao ay mayroong trono, at ang nakaupo doon bilang hari o reyna ay ang mayabang at makasariling "Ako". Sa plano ng Diyos para sa mag-asawa, si CRISTO at hindi si "Ako" ang dapat nakaupo sa trono bilang Panginoon at Hari ng asawang lalaki at asawang babae.

21. Ang pundasyong ito ang siyang pinakaunang sangkap ng panghabang buhay na pag-ibig at pagsasama bilang mag-asawa. Dapat na ang bawa't isa sa inyo ay tanggapin ninyo si Cristo na pumasok sa inyong puso upang Siya na ang uupo sa trono ng inyong puso. Kapag si Cristo na ang Panginoon sa inyo-inyong puso, hindi na maghahari ang mayabang at makasariling "Ako"; hindi na si "Ako" ang nagdidikta sa inyong isip at gawa, kundi si Cristo na ang inyong sinusunod sa lahat ng salita at gawa at mga plano sa buhay. Hindi na kayo magkakaroon ng tug-of-war, hilahang-lubid. Ang tanging hangarin ninyo ngayon ay sabihin sa Panginoon, "Panginoon, ano po ang ibig ninyong gawin namin bilang mag-asawa?"

22. Ito ang ibig sabihin ng Biblia sa 2 Corinto 6:14,15:

¹⁴ Huwag kayong makipamatok ng kabilan sa mga di nagsisisampalataya: sapagka't anong pakikisama mayroon ang katuwiran at kalikuan? o anong pakikisama mayroon ang kaliwanagan sa kadiliman?

¹⁵ At anong pakikipagkasundo mayroon si Cristo kay Belial? o anong bahagi mayroon ang sumasampalataya sa di sumasampalataya?


23. Noong kapanahunan ng Biblia, sa paghila ng araro ang mga magsasaka ay gumagamit ng dalawang hayop na nakasingkaw sa isang pamatok. Tinitiyak nila na ang dalawang hayop ay magkasingtaas. Kung hindi, magiging hindi balanse ang pamatok at masasaktan pareho ang dalawang hayop. Sa buhay ng Kristiyanong mag-asawa, sila ay parang nakasingkaw sa iisang pamatok at dapat sila ay magkasingtaan... ang ibig sabihin, sila ay dapat parehong nagtataglay ng pareho at magkaisang pundasyon. Kailangan, bawat isa sa kanila ay parehong may Cristo sa kanilang puso bilang kanilang Panginoon. Halimbawa, kung ang asawang babae ay may Cristo sa kanyang puso, pero ang asawang lalaki ay pinaghaharian pa rin ng kanyang mayabang at makasariling "Ako", ang kanilang pamatok ay kabilan at di balanse, di pareho ang kanilang taas, magkaiba ang kanilang patakaran sa buhay. Ang resulta, lagi silang magkakaroon ng di pag-uunawaan na magbubunga ng pag-aaway at pareho lamang silang magkakasakitan.

24. Kaya nga, ito ang dahilan kung bakit lubhang mahalaga na, dapat magpakasal lamang sa isang kapwa Kristiyano. Ang ibig sabihin, pareho kayong may Cristo sa inyong puso at pareho kayong matapat na sumusunod kay Cristo. At hindi lamang basta Kristiyano. Dapat pareho kayong Kristiyano na may matatag na pananampalataya at kapwa matapat na namumuhay ayon sa utos ni Cristo.

25. Pero paano naman kayo na mag-asawa na? Hindi pa huli ang lahat para sa inyo. Magkaroon kayo ng bagong pasimula sa araw na ito. Sa araw na ito, tanggapin ninyo si Cristo sa inyong puso at isuko sa kanya ang trono ng inyong puso. Itanghal si Cristo bilang Panginoon ng inyong buhay at ng inyong pagsasamang mag-asawa. Kung hindi pa ninyo nagagawa ito noon, dumalangin kayo ng tulad nito: “Panginoong Jesus, tinatanggap ka namin sa aming puso bilang Panginoon at Tagapagligtas, at mula ngayon ikaw na po, Panginoong Jesus, ang maghari sa aming buhay at sa aming relasyon bilang mag-asawa. Amen.” Ito ang unang sangkap ng PUNDASYON ng maligaya at matagumpay na relasyon ng mag-asawa. Dahil si Cristo ay nasa puso na ninyo, nailagay na rin ang PUNDASYON ng ISANG PANGINOON sa inyong buhay at sa inyong relasyon bilang mag-asawa.

ISANG BATAS – ONE LAW

26. Ang pangalawang sangkap ng PUNDASYON ay ISANG BATAS (basahin natin ang 2 Timoteo 3:16,17). Ito ang COMMON GROUND – PAREHONG TUNGTUNGAN – kung saan kayo tatayong mag-asawa habang buhay. Ang batayang ito ay ang WORD OF GOD – SALITA NG DIYOS, ang Biblia. Sa ibabaw ng matibay na batong ito ng Salita ng Diyos ay maaari ninyong itatag at itayo ang inyong relasyon bilang mag-asawa upang ito’y magiging maligaya at ito’y tatagal habang panahon. Ang lahat ng iba pang batayan ay buhanging lumulubog. (Pakitingnan ang larawan sa ibaba FACTS – Fig. 1)



FACTS – Fig. 1

27. Pag-aralan natin ang larawan. Sa kaliwang bilog ay nakatayo ang asawang lalaki; sa kanang bilog ay nakatayo ang asawang babae; sa gitnang bilog ay makikita natin ang bukas na Biblia. Sa relasyong tulad ng tug-of-war, ang lalaki at babae ay magpupumilit na tatayo at mananatili sa sarili nilang bilog. Sisikapin nilang mahila ang isa’t isa upang lumipat sa sariling bilog. Pero tingnan natin ang mangyayari kung ang lalaki at babae ay papayag na aalis na sila sa kanilang sariling bilog, at pareho silang magpapasiya na mula ngayon, sila ay magkasamang tatayo sa bilog sa gitna, at mula ngayon, ang tanging kanilang susundin ay ang ISANG BATAS na matatagpuan sa BUKAS NA BIBLIA? Ano na ngayon ang nangyari? Sila ay nakatayo nang pareho sa COMMON

GROUND – PAREHONG TUNGTUNGAN. Ito ang tanging tungtungan na magtatagal habang buhay (pakitingnan ang larawan sa ibaba FACTS – Fig. 2).



FACTS – Fig. 2

28. Ngayon, maliwanag nang lahat. Kung si Cristo ay Panginoon pareho sa inyong puso bilang mag-asawa, kung gayon ay ayaw na ninyong maghilahan sa tug of war. Sa halip, pareho na kayong nagtatanong sa Panginoon, "Panginoon, ano po ang ibig ninyong gawin namin?" Kayo'y sumailalim na sa ISANG BATAS ni Cristo. Ang mahalaga ngayon ay hindi na kung ano ang gusto ng asawang lalaki o kung ano ang gusto ng asawang babae. Ang mahalaga ngayon ay kung ano ang kalooban ng Panginoon; at ang kalooban ng Panginoon ay matatagpuan sa kanyang Salita, sa Biblia. Kung gayon, ang Salita ng Diyos, ang Biblia, ang siyang ISANG BATAS para sa inyong buhay at para sa inyong relasyon bilang mag-asawa at para sa lahat ng bagay sa inyong buhay.


ISANG LAYUNIN – ONE PURPOSE

29. Ang PUNDASYON na kaloob ng Diyos para sa maligaya at panghabang-buhay na pag-ibig at pagsasama ng mag-asawa ay binubuo ng tatlong sankap:

- Una, ISANG PANGINOON;
- Pangalawa, ISANG BATAS;
- Pangatlo, ISANG LAYUNIN: UPANG MAGING KATUWANG SA ISA'T ISA (Genesis 2:18).

30. Ilarawan natin ang ISANG LAYUNIN na ito sa pamamagitan ng TRIANGLE – TATSULOK (o trianggulo). Lahat ng relasyong mag-asawa ay isang triangle. Sa isang panig ng triangle ay nakatayo ang asawang lalaki. Sa kabilang panig naman ay nakatayo ang asawang babae. Sa taluktok ng triangle ay maaaring nakatayo doon ang isang bagay o isang tao na pinahahalagahan ng asawang lalake o asawang babae. Sa matatag na relasyong mag-asawa, ang nakatayo sa taluktok ay ang DIYOS. Sa mabuway na relasyong mag-asawa, ang nakatayo sa taluktok ay ibang tao o isang bagay na umaagaw sa pagmamahal ng asawang lalake o asawang babae.

31. Ngayon, maglagay tayo ng isang palaso o pana (arrow) na nakaturo mula sa lalake papunta sa Diyos; gayundin, lagyan natin ng isang palaso o pana (arrow) na nakaturo mula sa babae papunta sa Diyos. Ang mga pana na nakaturo pareho papunta sa Diyos ay naglalarawan ng maligaya at matibay na relasyon ng mag-asawa, sapagkat pareho silang sumusunod sa ISANG LAYUNIN na itinalaga ng Diyos para sa mag-asawa (pakitingnan ang larawan sa ibaba FACTS-Fig. 3).



32. Sa ISANG LAYUNIN na ito ay napapaloob ang tatlong dahilhan kung bakit nilikha ng Diyos ang relasyon ng mag-asawa:
- (a) Upang punuan ng mag-asawa ang kakulangan ng isa't isa; upang maging kumpleto sila (Genesis 1:26,27; 2:18, 21-24)
 - Sa KATAWAN: kailangan nila ang isa't isa upang ang pangangailangan nilang pisikal ay matugunan (pagkain, proteksiyon, seks);
 - Sa KALULUWA: kailangan nila ang isa't isa upang matugunan ang pangailangan nila bilang tao (bilang kasama at kaibigan; upang magtulungan sila sa pagpapaunlad sa kanilang isipan, damdamin; sa kanilang ambisyon at gawain sa buhay; sa pagsulong ng kanilang mga abilidad at talento)
 - Sa ESPIRITU: kailangan nila ang isa't isa upang magtulungan sa paglago sa buhay espirtual (upang maging higit na katulad ni Cristo)
 - (b) Upang magkaroon ng pamilya at magpalaki ng mga anak (Malakias 2:13-16).
 - (c) Upang matupad nila ang gawain na iniatas ng Diyos sa kanila sa daigdig (Juan 15:16). Ang bawat relasyon ng mag-asawa ay mayroong natatanging misyon galing sa Diyos na dapat nilang tuparin at tapusin. Dapat tulungan ng asawang lalaki at asawang babae ang isa't isa upang maganap nila ang kanilang misyon sa buhay.

PERSONAL NA PAGSASABUHAY

33. Mga tanong sa mga magkasintahan at gayundin sa mga mag-asawa:

- (a) Handa ba kayong magkaroon ng matibay na PUNDASYON para sa inyong pagsasama bilang mag-asawa?
- (b) Tiyak ba ninyo na talagang tinanggap ninyo si CRISTO BILANG PANGINOON AT TAGAPAGLIGTAS?
- (c) Handa ba kayong sumunod sa ISANG BATAS ng Salita ng Diyos para sa iyong pagsasamang mag-asawa?
- (d) Handa ba kayong italaga ang inyong sarili upang tuparin ang tatlong bahagi ng ISANG LAYUNIN ng Diyos para sa inyong pagsasamang mag-asawa?

34. Handa ba kayong idalangin ang sumusunod?

"Panginoong Jesus, nais naming itayo ang aming pagsasamang mag-asawa sa matibay na PUNDASYON na kaloob mo. Tinatanggap ka namin ngayon sa aming puso upang ikaw na ang maging PANGINOON at Tagapagligtas ng aming buhay at ng aming relasyon bilang mag-asawa. Tinatanggap namin ang Biblia upang ito ang maging ISANG BATAS para sa aming buhay at relasyong mag-asawa. At sa tulong mo, itinatalaga namin ang aming sarili upang tuparin ang tatlong bahagi ng ISANG LAYUNIN na iyong binalangkas para sa aming relasyong mag-asawa. Sa palangan ni Jesus na aming Panginoon ito ang aming dalangin. Amen."

FACT 2: ACCEPTANCE
SANGKAP 2: PAGTANGGAP

1. Ang pangalawang sangkap ng maligaya at matibay na pag-ibig at pagsasama ng mag-asawa ay ACCEPTANCE – PAGTANGGAP sa isa't isa.
2. Bakit mahalaga ang pagtanggap sa isa't isa? Madalas ay inaakala natin na ang PAGKAGUSTO ay katumbas ng PAGTANGGAP. Kung sinasabi natin na “na-in-love” (nagkagusto) tayo sa isang tao, sa totoo lang ay sinasabi natin na may isang bagay na nakatawag sa ating pansin at pagkagusto, isang bagay na gusto nating “maangkin” o matawag na atin. Halimbawa, sa ibaba ay makikita natin ang ilang magagandang bagay na nagugustuhan natin sa isang tao:
 - (a) Beauty – Kagandahan, kaguwapuhan
 - (b) Intelligence – Katalinuhan
 - (c) Giftedness (maybe in music, art, etc.) – Mga abilidad (sa musika, sa arte, atbp.)

(d) Money (and all that this means -- power, position, prestige, security, comfort) – Kayamanan (at lahat ng maibibigay nito – kapangyarihan, katungkulan, paghanga ng iba, seguridad, kaalwanan sa buhay)

(e) Character qualities (so kind to me, so thoughtful, so loving, so considerate, so polite) – Magagandang ugali (maawain, maasikaso, mapagmahal, maunawain, magalang)

(f) Father image/Mother image (he's got qualities like my father; she's got qualities like my mother) – Katulad ni tatay/nanay (nakikita ko sa kanya ang magagandang ugali ng aking tatay/nanay)

(g) Others – Marami pang ibang bagay

3. Sumandali muna nating pag-iisipan kung bakit nagkagusto tayo sa ating partner. Sa isang pahina ng papel, isulat natin ang mga magagandang bagay na nakita natin sa ating kasintahan o asawa, na siyang nakabighani sa atin.

NEGATIVE ATTRACTION – NEGATIBONG PAGKAGUSTO

4. Pero isang bagay na nakapagtataka, hindi lamang POSITIBONG mga bagay ang nakakabighani sa atin. Kung minsan, mga NEGATIBONG bagay ang nagiging dahilan kung bakit tayo ay nagkagusto sa isang tao. Halimbawa, nakilala natin ang isang binata o dalaga na may problema (siya'y hindi mahal ng mga magulang, o siya'y pinahihirapan nila; o kaya'y isang tao siya na hindi maintindihan ng iba; walang pumapansin sa kanya; o siguro siya'y biktima ng mga pangyayari, atbp.). May dalawang panganib na dapat nating iwasan:

(a) MOTHER INSTINCT – PUSONG INA

Para sa babae, dapat mag-ingat siya sa natural na damdamin na kung tawagin ay MOTHER INSTINCT – PUSONG INA. Oo, ito'y damdaming kaloob ng Diyos sa kababaihan, pero maaaring mabaling ito sa lalaking hindi karapat-dapat. Bumubukal ang PUSONG INA kapag ang dalaga ay nakakilala sa isang binata na naghahanap ng taong magligtas sa kanya, at sasabihin ng lalaking ito sa babae, “Ikaw lamang ang makakatulong sa akin, ikaw lang ang makakapagligtas sa akin, wala ng iba.” May mga babaeng sadyang “martir” (sila'y likas na maawain at laging handang magsakripisyo upang tumulong sa mga kapuspalad). Ang mga babaeng katulad nito ay dapat mag-ingat sa mga lalaking mahusay mambola at magsamantala sa mother instinct – pusong ina; lagi nilang sasabihin ang tulad nito, “Ikaw lang ang pag-asa ko; kung mawawala ka sa akin ay hindi ko alam kung anong mangyayari sa buhay ko.”

(b) SIR LANCELOT COMPLEX – GALANTENG GINOONG LANCELOT.

Para sa lalaki, mag-ingat naman siya sa damdamin ng galante at matapang na lalaking handang magbigay saklolo sa isang “damsel-in-distress” – isang binibining nasa panganib. Tatawagin natin ang damdaming ito na “Sir Lancelot Complex”. Natatandaan

ba ninyo ang kasaysayan ni King Arthur and the knights of the round table? Si Sir Lancelot ay nangako na siya ang magiging tagapagligtas at bantay ng reyna. Problema nga lang ay “na-in-love” silang dalawa sa isa’t isa. Ang mga lalaki ay dapat mag-ingat sa mga babaeng laging nagpapaawa, at gagamitin ng mga babaeng ito ang likas na kabaitan ni Sir Lancelot upang makuha ang gusto nila.

5. Ang dahilan ng ATTRACTION – PAGKAGUSTO ay ito: nagustuhan natin ang isang tao kasi may nakita tayo sa kanya na isang bagay na MAKAPAGPUPUNO SA ATING KAKULANGAN, isang bagay na sa palagay natin ay magdudulot sa atin ng kaligayahan, seguridad, at magandang kalagayan. Kadalasan, ang paningin natin ay nakapako lang sa ISANG MAGANDANG BAGAY, anupa’t nabubulagan tayo sa ibang mga pag-uugali o kapintasan ng taong iyan. Kadalasan din, ang ating pagkagusto ay nakasalalay sa UNREALISTIC EXPECTATION – MALING AKALA; ang ibig sabihin, AKALA NATIN ay laging magpapakita ng ganyang magandang pag-uugali ang taong iyan. Pero kapag, wika nga, lumabas na ang NATURAL ng taong iyan (akala ko mabait, hindi naman pala), tayo ay makakaranas ng damdaming pagkabigo; pagkatapos, panlalamig ng damdamin sa kanya; at sa wakas, pagsasawa at tuluyang pag-ayaw na sa kanya

6. Dapat nating isaisip na ang PAGKAGUSTO ay unang hakbang lamang patungo sa tunay na PAGTANGGAP. Ano ang pagkakaiba ng dalawang ito?

- ATTRACTION IS BLIND – ANG PAGKAGUSTO AY BULAG. Sabi ni Shakespeare: “Love is blind, and lovers cannot see – Bulag ang pag-ibig, at ang mga nag-iibigan ay hindi nakakakita.” Ang ibig sabihin, ang PAGKAGUSTO ay hindi tumitingin sa mga kapintasan ng isang tao; tanging tinitingnan lamang ang magagandang katangian niya. Sa kabilang dako, ang PAGTANGGAP ay laging isinasaisip na ang bawa’t tao ay may magandang bahagi at mayroon ding pangit na bahagi; ang bawat tao ay may kabaitan at mayroon ding kasungitan; may kalakasan at mayroon ding kahinaan. Isang artista sa Pilipinas noon ay laging sinasabi, “Kuhanan ako ng larawan sa pisnging ito, at huwag sa kabila.” Bakit kasi? Kasi, pogi daw siya sa pisnging iyon, at pangit siya sa kabila.
- ATTRACTION IGNORES DIFFERENCES – ANG PAGKAGUSTO AY DI-PANSIN ANG MGA PAGKAKAIBA. Sa kabilang dako, ang PAGTANGGAP ay laging isinasaisip na talagang may pagkakaiba ang babae at lalaki. Sabi nga sa English, "Women are from Venus, Men are from Mars – Ang mga babae ay galing sa Venus, ang mga lalaki ay galing sa Mars." Ang mga babae ay inuudyukan ng kanilang damdamin; ang mga lalaki ay laging naghahanap ng aksiyon.
- ATTRACTION IS IDEALISTIC – ANG PAGKAGUSTO AY NAMUMUHAY SA ALAPAAP. Akala ng mga magkasintahan ay sapat na ang pag-ibig; iniisip nila, “Basta nagmamahalan tayo, bale-wala ang mga pagkakaiba.” Sa kabilang dako, ang PAGTANGGAP ay kinikilala na talagang may pagkakaiba ang mga personalidad, tulad ng DIFFERENCES IN BACKGROUND – PAGKAKAIBA NG PINANGGALINGAN – klase ng pamilya, pinag-aralan, kalalagayang

pinansiyal at sosyal. (Halimbawa, puwede mong alisin ang tao mula sa probinsiya, pero hindi mo maaalis sa kanya ang pagkaprobinsiya niya.)

- **ATTRACTION IS IDOLATROUS – ANG PAGKAGUSTO AY SUMUASAMBA SA DIYOS-DIYOSAN.** Inilalagay ng magkasintahan ang bawa't isa sa altar ang magagandang katangian ng kanilang iniibig na para bang diyos/diyosa na kanilang sinasamba. Sa kabilang dako, ang **PAGTANGGAP** ay kumikilala na talagang may pagkakaiba ng **MGA TALENTO, KALOOB, AT KINAWIWILIHAN (INTERESTS).**

REMINDERS – MGA PAALAALA

7. Ang mga binata't dalaga ay dapat nilang alalahanin ang sumusunod:

- Huwag mong pakasalan ang tao dahil sa **INAAKALA MO KUNG SINO SIYA.**
- Huwag mong pakasalan ang tao dahil **UMAASA KA NA SIYA AY MABABAGO MO** pagkatapos na kasal na kayo. Huwag mong pilitin na baguhin siya upang maging katulad ng iyong tatay o katulad ng iyong nanay.
- Huwag muna kayong magkaroon ng engagement kung **HINDI MO PA TUNAY NA NAKIKILALA SIYA** (ang kanyang kabaitan at kasungitan, ang kanyang kagandahan at kapangitan, ang kanyang kalakasan at kahinaan). Sa Latin ay may kasabihan: **CAVEAT EMPTOR – BUYER BEWARE – KAIINGAT ANG BIBILI.** Sa mga tindahan ay may ganitong paalaalang nakakabit sa mga bilihin: **BUY AS IS – BILHIN SA GANYANG KALAGAYAN.**
- Dahil dito, bago ka magpasiya na ang taong ito nga ang pakakasalan mo para kasama mo habangbuhay, **MAG-UKOL NG SAPAT NA PANAHON UPANG TUNAY NA MAKILALA NINYO ANG ISA'T.** Maging tapat kayo sa isa't isa at huwag maglilihim tungkol sa inyong personalidad, tungkol sa inyong pinanggalingan, ang inyong nakaraan, ang kasalukuyang kalalagayan ninyo, at kung ano ang plano at pag-asa ninyo sa hinaharap.

PINAKASALAN ANG MALING TAO?

8. Papaano naman ang mga may asawa na? Maaaring isipin ninyo, "Huli na ang lahat. Pinakasalan ko yata ang maling tao." Narito ang ilang mga salitang maaaring magbigay sa inyo ng pag-asa at lakas ng loob:

- GOD IS SOVEREIGN – ANG DIYOS AY MAKAPANGYARIHAN SA LAHAT.** Yamang kontrolado ng Diyos ang lahat ng bagay, walang anumang nangyayari na hindi muna nagdaan sa kanyang kapahintulutan. Yamang pinahintulutan ng Diyos na kayo'y magpakasal sa isa't isa, ang ibig sabihin nito'y talagang kayo nga ang natatanging kaloob niya sa isa't isa.

(b) BEGIN AGAIN TODAY – MAGKAROON NG PANIBAGONG PASIMULA NGAYON. Pinayagan ng Diyos na mapag-aralan ninyo ngayon ang tungkol sa FACTS – mga sangkap na magpapatibay sa inyong pag-ibig at pagsasamang mag-asawa. Simulan ninyo sa araw na ito na itatag ang inyong pag-ibig at pagsasamang mag-asawa sa ibabaw ng mga FACTS – SANGKAP na ito. Italaga ninyo ang inyong sarili sa pundasyon ni Cristo na may tatlong bahagi: ONE LORD; ONE LAW; ONE PURPOSE – ISANG PANGINOON, ISANG BATAS, ISANG LAYUNIN.

LAW OF ACCEPTANCE: LAW OF LOVE
BATAS NG PAGTANGGAP: BATAS NG PAG-IBIG

9. Yamang tinanggap na ninyo si Cristo bilang Panginoon at Tagapagligtas sa inyong puso, ibinibigay Niya sa inyo ang kanyang BATAS NG PAGTANGGAP na mababasa sa sumusunod na mga talata:

- Roma 15:7: Sa ganito'y mangagtanggapan kayo, gaya naman ni Cristo na tinanggap kayo sa kaluwalhatian ng Dios.

Itó'y tinatawag ding BATAS NG PAG-IBIG sa Juan 13:34-35:

Juan 13:34-35: ³⁴ Isang bagong utos ang sa inyo'y ibinibigay ko, na kayo'y mangagibigan sa isa't isa: na kung paanong iniibig ko kayo, ay mangagibigan naman kayo sa isa't isa. ³⁵ Sa ganito'y mangakikilala ng lahat ng mga tao na kayo ay aking mga alagad, kung kayo'y may pagibig sa isa't isa.

10. Pansinin natin:

(a) Ang pagtanggap at pag-ibig ay hindi nakabase sa kung tayo ba ay katanggap-tanggap o kaibig-ibig.

(b) Ang pagtanggap at pag-ibig ay tanging nakasalalay sa pagtanggap at pag-ibig ni Cristo sa atin. Ang sukatan ng ating pagtanggap sa isa't isa ay kung PAANO TAYO TINANGGAP NI CRISTO. Tinanggap at inibig tayo ni Cristo nang lubus-lubos, walang pasubalit, at walang hanggan.

11. Ulitin natin: Ang sukatan ng aking pagtanggap ay hindi nakabase sa kahaba ng aking pagpapasensiya. Hindi ko sasabihin, “Sobra na! Hanggang diyan ka na lang.” Ang sukatan ay kung gaano kahaba ang pasensiya at pagtanggap ni Cristo sa akin. Ganoon din dapat ang maging pasensiya at pagtanggap ko sa aking kasintahan o asawa. Isa pa, ako ba’y hinintay muna ni Cristo na maging mabait at katanggap-tanggap bago niya ako tinanggap? Hindi ba, ako’y tinanggap ni Cristo batay lamang sa biyaya ng Diyos. At ano ang ibig sabihin ng biyaya? Ang biyaya ay pabor ng Diyos na ibinibigay niya sa mga di karapat-dapat.

PRACTICAL STEPS – PRAKTICAL NA MGA HAKBANG

12. Dalawang praktikal na hakbang ang puwedeng gawin ng magkasintahan o mag-asawa, upang magkaroon ng pagtanggap sa isa't isa:

- **HAKBANG 1: PASALAMATAN ANG DIYOS PARA SA ISA'T ISA.** Sabihin, “Panginoon, salamat po na ibinigay mo siya sa akin, ang kanyang mga katangian o kakulangan ng katangian; ang kanyang kalakasan at maging kahinaan; ang kanyang tagumpay at maging kanyang kabiguan.” Ito ang kalooban ng Diyos na ang mag-asawa ay magpasalamat para sa lahat ng bagay (1 Tesalonica 5:18). Kayong mga may-asawa, subuka ninyong magpasalamat sa Diyos para sa lahat ng nangyayari sa inyong pagsasama bilang mag-asawa. Asawang lalaki, sabihin ito: “Panginoon, salamat po na nagpupuputak na naman ang asawa ko.” (Sabihin ito sa Diyos, huwag sa harap ng iyong asawa!) Asawang babae, sabihin ito: "Panginoon, salamat po, ginabi na naman ang uwi ng asawa ko." Kapag nagpasalamat ka sa Diyos sa lahat ng bagay, iyong ipinapahayag na nagtitiwala ka sa kanya kontrolado niya ang lahat ng bagay, at tutulungan ka niya sa anumang sitwasyon. Ang ganyang pasalamat ay nagbibigay ng kaluwalhatian sa Diyos.
- **HAKBANG 2: MAGPATAWARAN SA ISA'T ISA.** Sa Mateo 18:35 ipinapakita ni Cristo kung paano tayo dapat magpatawad – mula sa puso. Kung pinatawag na natin ang isang bagay mula sa puso, ay hindi na natin ito uungkat, kalilimutan na natin ito. Kung ayaw nating magpatawad, tandaan natin na sabi Cristo, hindi rin natin matatanggap ang kanyang pagpatawad sa atin (Mateo 6:14-15).

ACCEPTANCE AT THREE LEVELS – PAGTANGGAP SA TATLONG ANTAS

13. Subalit dapat nating malaman na ang pagtanggap/pag-ibig ay nangyayari sa tatlong antas.

ANTAS 1:

Ang pagtanggap/pag-ibig ay nangangahulugan na tutulungan natin ang isa't isa upang baguhin ang mga pag-uugali o mga bagay na kayang baguhin, upang ang bawa't isa ay lalong magiging mas mabuting tao. Sa plano ng Diyos, ang matrimonyo o pagsasama ng mag-asawa ay isang paaralan kung saan matututo ang mag-asawa upang maabot nila ang antas ng kagandahan at kabutihan na inilaan ng Diyos na abutin nila.

ANTAS 2:

Ang pagtanggap/pag-ibig ay nangangahulugan na kinikilala natin na may mga bagay at kalalagayan na puwedeng baguhin at hindi dapat baguhin. Halimba, kung anong uri ng pagkatao mayroon ka. Hindi kailanman layunin ng Diyos na ibahin ang likas na pagktao mo. Halimbawa, may mga taong EXTROVERT – MASAYAHIN AT MAPAGKAIBIGAN. May mga tao na INTROVERT – MAHIYAIN AT TAHIMIK. Siguro, puwedeng matuto ang EXTROVERT na maging kauntik tahimik paminsan-minsan, pero lalabas at lalabas ang kanyang paging masayahain at mapagkaibiganin. Siguro puwedeng turuan ang INTROVERT na bawas-bawas ang

pagkamahiyain at matuto rin siyang makisalamuha sa iba, pero lalabas at lalabas ang kanyang pagiging tahimik at kimi. Hindi layunin ng Diyos na baguhin ng mag-asawa ang likas na personalidad ng isa't isa.

ANTAS 3:

Ang pagtanggap/pag-ibig ay nangangahulugan na hindi lang natin pagpapasensiyahan ang pagkakaiba ng ating mga personalidad. Sa halip, dapat nating igalang at pakitaan ng kasiyahan ang isa't isa kung ano ang kanyang personalidad. Huwag nating pag-awayan ang ating mga pagkakaiba. Sa halip, tanggapin natin ang mga pagkakaiba na parang mga rekado na nagpapasarap sa pagsasamang mag-asawa, gaya ng sweet and sour/tamis-asim na kombinasyon sa pagkain. Ayaw ng Diyos na ang mag-asawa ay carbon copy – eksaktong kopya ng isa't isa.

14. May sumulat ng magandang panalangin na makakatulong sa mag-asawa na gawin nila itong sariling dalangin nila. Ganito ang sabi sa English: "Lord, give me the courage to change the things that can be changed; the grace to accept the things than cannot be changed; and the wisdom to know the difference." Sa Tagalog: "Panginoon, bigyan po ako ng lakas ng loob na baguhin ang mga bagay na puwedeng baguhin; bigyan ako ng biyaya na tanggapin ang mga bagay na di kayang baguhin; at bigyan ako ng talino upang malaman ang pagkakaiba ng dalawang ito."

15. Kayong mga magkasintahan o mag-asawa, handa ba kayong bumigkas ng PANGAKO NG PAGTANGGAP? Handa ba kayong sabihin sa isa't isa ang sumusunod na pangungusap?

Ako'y taos-pusong naniniwala na ikaw ay natatanging kaloob ng Diyos sa akin. Dahil dito, tinatanggap kita at iniibig kita tulad ng pagtanggap at pag-ibig ni Cristo sa ating dalawa – buong-buo, walang pasubali, at magpakailanman. At sabay tayong mananalangin: "Panginoon, bigyan pokami ng lakas ng loob para baguhin ang mga bagay na puwedeng baguhin; bigyan po kami ng biyaya na tanggapin ang mga bagay na di kayang baguhin; at bigyan po kami ng talino upang malaman ang pagkakaiba ng dalawang ito."

FACT 3: COMMUNICATION SANGKAP 3: KOMUNIKASYON

1. Ang Komunikasyon ang pangatlong sangkap ng pag-ibig at pagsasamang mag-asawa na magtatagal habangbuhay. Ano ang komunikasyon? Ang komunikasyon ay paraan ng pagbibigay at pagtanggap ng mensahe mula sa isang tao papunta sa ibang tao. Halos lahat – kung di man lahat – ng bagay sa relasyon ng mga tao ay nakadepende sa komunikasyon. Sa kasalukuyan, ang komunikasyon ay palaki ng palaki bilang paksa na pinag-aaral, dahil sa mga modernong gamit tulad ng cell phone. Noong una, ang komunikasyon ay nangyayari sa pamamagitan lamang ng boses ng tao at kung hanggang saan abot ang boses. Noong natutong sumulat ang mga tao, puwede na silang magpadala

ng mensahe sa pamamagitan ng sulat. Pagkatapos ay naimbento ang telegrama at telepono. Ngayon, sa pamamagitan ng Skype o Facetime ay puwede mo nang makausap ng mukhaan ang sinuman kahit nasaan mang lugar siya naroroon sa daigdig. Sa pagsasama ng mag-asawa, ang komunikasyon ay SANGKAP NA KAILANGANG-KAILANGAN.

2. Marahil ay nakita ninyo ang larawang ito: Ang asawang lalaki at asawang babae ay nag-aalmusal, pero parehong nakapako ang kanilang mga mata sa kanilang iphone. Sa ibaba ng larawan ay nakasulat ang kanilang pag-uusap: “Anong ibig mong sabihin, wala tayong komunikasyon? Kahapon ay nagtext ako sa iyo, bilang sagot sa text na padala mo.”

3. At narinig na ba ninyo ang kuwentong ito?

Isang mag-asawa ang tinanong kung ano ang lihim ng kanilang matagal na pagsasama bilang mag-asawa. Sabi ng asawang babae: “Kung kailan ko gusto, nagsasalita ako.” At sagot ng asawang lalaki: “At mistulang bingi naman ako.”

4. Puwera biro, ganito ang sinulat ni Paul Tournier, isang tagapayo tungkol sa mga mag-asawa, sa kanyang aklat na "To Understand Each Other": "Pakinggan ninyo ang pag-uusap ng mga tao sa ating daigdig, maging ito'y pag-uusap ng mga bansa o ng mga mag-asawa. Kadalasan, ang mga ito'y pag-uusap ng mga bingi.”

5. At ito naman ang kuwento mula sa nakaraang panahon, patungkol sa komunikasyon:

Isang kabataang lalaki ang lumapit sa dakilang pilosopo na si Socrates upang magpaturo sa pagtatalumpati. Mula noong unang dumating siya ay wala na siyang tigil sa pagsasalita. Sa wakas, noong makasingit si Socrates, ito ang sabi niya sa kabataan: "Totoy, sisingilin kita ng dobleng bayad." Sabi ng kabataan: "Bakit po doble?" Sagot ng matandang pilosopo: "Kasi dalawang bagay ang ituturo ko sa iyo: una, kung paano mo pipigilin ang iyong dila; pangalawa, kung paano mo gagamitin ito.”

6. Upang simulan ang ating pag-aaral, pag-usapan muna natin ang tungkol sa estilo ng komunikasyon ng mga Pilipino. Tayong mga Pilipino, mahirap sa atin ang magsabi ng tapat at totoo nang harap-harapan. Gagamit tayo ng mga tulay o tagapamagitan. Tayo ang nagpapakiramdaman. Sa halip ng magsalita ng deretsahan, tayo ay nagpapaikot at patabsing-tabsing. Sasabihin natin kung ano ang akala nating gustong mapakinggan ng ating kausap. O dili kaya'y basta hindi na lang tayo magsasalita sa takot na baka masaktan ang damdamin ng ating kausap. Pero ito ang problema: pag-alis noong taong kausap, ay saka tayo magsasabi sa iba kung ano talaga ang nasasaloob natin. Para naman sa ibang lalaki, sila'y maglalasing at kapag lasing na, at saka nila sasabihin ang matagal na nilang kinikimkim na damdamin nila. Pagkatapos, kapag sila'y nahimamasan na, at tatanungin sila tungkol sa kanilang mga pinagsasabi, ang sagot nila ay, “Sinabi ko ba yon? Hindi ko matandaan, kasi lasing ako.”

HUWARAN NG KOMUNIKASYON MULA SA BIBLIA

BIBLICAL MODEL OF COMMUNICATION

7. Upang maging matibay ang pagsasama ng mag-asawa, dapat matuto silang magkaroon ng maayos na komunikasyon. At dapat na isunod nila ang kanilang paraan ng komunikasyon sa huwaring nakasaad sa Biblia. Basahin natin ang Efeso 4:15: "Kundi sa pagsasalita ng katotohanan na may pagibig, ay mangagsilaki sa lahat ng mga bagay sa kaniya, na siyang pangulo, sa makatuwid baga'y si Cristo." Mula sa talatang ito ay matutuhan natin ang apat na bagay:

- Una, MAGSALITA. Upang magkaroon ng maayos na komunikasyon, dapat matuto tayong magsalita; matuto tayong magsabi kung ano talaga ang nasa ating isipan, damdamin, at kagustuhan. Huwag nating asahan na gawin ng ating kausap ang imposible, na mahuhulaan niya kung ano ang nasa loob natin. Hindi makatwiran iyan. Siguro, may ilang mga tao na may kakayahang manghula. Pero sa sa karamihan sa atin, wala tayong kapangyarihan na basahin ang isipan ng ibang tao. Ito ang dahilan kung bakit dapat matuto tayong lahat na magsabi at magpahayag kung ano ang tunay na nilalaman ng ating puso't isipan, upang maintindihan ng ating asawa kung ano ang nangyayari sa atin.
- Pangalawa, MAGSALITA NG TAPAT AT TOTOO. Sa ating komunikasyon, dapat gamitin natin ang mga angkop na salita na nagpapahayag kung ano talaga ang ibig nating sabihin. Tulad ng nasabi na natin sa itaas, tayong mga Pilipino ay ayaw nating makasakit sa damdamin ng iba. Kung kaya, atubili tayong magsasabi ng totoo, kung ano talaga ang nasa loob natin, baka ito'y makasakit sa ating kausap.

Alam ba ninyo ang pagkakaiba ng Amerikano at Pilipino sa paraan nila ng komunikasyon? Ang Amerikano ay masyadong prangkahan kung magsalita, kahit makasakit siya. May kasabihan sa English, "Call a spade a spade – Sabihin mo pala kung pala." Kung ano talaga siya, sabihin mo sa totoong pangalan niya. Walang pakialam ang Amerikano kung masaktan ka o hindi, masabi lamang nila kung ano talaga ang nasa loob nila. Dahil diyan, ang palagay ng Pilipino ay bastos ang Amerikano at walang pakiramdam kasi walang anuman sa kanila kung masaktan man ang ating damdamin.

Sa kabilang dako, tayong mga Pilipino ay masyadong magalang. Ayaw nating makasakit sa kaninuman. Dahil dito, sasabihin ko kung ano ang gusto mong marinig. Sasabihin natin, "Oo, sisikapin ko" kahit na sa totoo ang sinasabi natin sa loob natin ay "Hindi, ayaw ko." Kaya nga, pag sinabi natin sa Amerikano na dadating tayo ng alas-ocho ng umaga, at hindi tayo sumipot sa takdang oras na sinabi natin, ang akala ng Amerikano ay bulaan tayo.

Ang Amerikano ay masyadong prangkahan at masakit kung magsalita. Subalit ang Pilipino ay masyadong magalang pero sinungaling naman.

Para magkaroon ng maayos na komunikasyon, dapat matuto tayong MAGSABI NG TOTOO AT TAPAT.

- Pangatlo, MAGSABI NG TOTOO NA MAY PAG-IBIG. Hindi natin kailangan na maging prangkahan pero brutal. At hindi kailangan na maging magalang tayo pero bulaan naman. Ang Biblia ay nag-uutos sa atin na MAGSABI NG TOTOO NA MAY PAG-IBIG – SPEAK THE TRUTH IN LOVE. Dapat maging maingat tayo sa salitang gagamitin natin, maingat sa tono ng boses, ang marunong tayong magsalita sa tamang tiempo, at maingat din sa ating emosyon habang nagsasalita. Siguraduhin natin na ang layunin natin ay para sa ikabubuti ng ating relasyon sa isa't isa. Lagi nating sundin ang prinsipyong ito: “Love the person, hate the sin – Mahalin ang tao, pero kapootan ang kanyang kasalanan.” Ituon natin ang ating pansin kung paano lutasin ang problema at iwasan natin ang pagnanais na makaganti sa asawa, at iwasan natin na siya’y mapahiya.

(d) Ikaapat, dapat nating pag-aralan ang MAKINIG. May nagwika, “Nilikha tayo ng Diyos na may dalawang tainga at iisang bibig, upang tayo’y makinig muna ng mabuti bago magbuka ng bibig.” Sa ating pakikinig, sikapin nating unawain ang tatlong lengguwahe:

- LENGGUWAHE NG SALITANG BINIBIGKAS – Pakinggan at unawain nating mabuti ang salitang binibigkas ng ating kausap.
- LENGGUWAHE NG SALITANG HINDI BINIBIGKAS – Ang mga salitang ayaw nating bigkasin at itinatago sa ating loob ay kasinghalaga ng mga salitang binibigkas natin sa labas.
- LENGGUWAHE NG KATAWAN – Ang asta ng ating katawan at tono ng ating boses habang tayo’y nagsasalita ay nagpapahiwatig ng totoong damdamin natin. Gumawa tayo ng isang eksperimento. Halimbawa, bigkasin natin ang salitang "OO". Habang binibigkas ninyo ang “OO”, sabayan ito ng asta ng katawan at tono ng boses, upang ipahiwatig ang damdamin at kahulugang gusto ninyong ipabatid sa kausap.
 - a. Talagang-talagang totoo ang inyong OO.
 - b. Malambing at nagmamahal na OO.
 - c. Galit na OO.
 - d. Alinlangang OO.
 - e. Pabirong OO.

8. Ang mag-asawa ay dapat makinig sa BIBINIGKAS NA SALITA. Dapat din nilang unawain ang mga KAISIPAN AT DAMDAMING DI BINIBIGKAS. Alam natin na

kung minsan, mas mahalaga pa ang HINDI BINIBIGKAS NA DAMDAMIN kaysa SALITANG BINIBIGKAS. Gaya ng napatunayan natin sa ating eksperimento, dapat pag-aralan nating makinig hindi lamang sa binibigkas na salita kundi sa TONO ng pagsasalita at sa ASTA ng katawan ng nagsasalita. Ang Santiago 1:19 ay nagbibigay ng napakagandang paalaala: "Nalalaman ninyo ito, minamahal kong mga kapatid. Nguni't magmaliksi ang bawa't tao sa pakikinig, magmakupad sa pananalita, magmakupad sa pagkagalit."

9. Isang bagay ang dapat nating iwasan: Habang nagsasalita ang ating kausap, hindi tayo nakikinig; bagkus ay iniisip na natin kung ano ang ating sasabihin sa sandaling makasingit tayo.

(a) Si Stephen Covey, sa kanyang aklat "The 7 Habits of Highly Effective People", ay binanggit ang LIMANG ANTAS ng pakinig:

- Antas 1: Binabale-wala ang kausap, hindi talaga tayo nakikinig.
- Antas 2: Kunwari tayong nakikinig.
- Antas 3: Pinipili kung ano ang gustong pakinggan, iniintindi lamang yaong mga bagay na nagugustuhan, at binabale-wala ang ibang bahagi ng sinasabi ng ating kausap.
- Antas 4: Nakikinig tayo ng taimtim sa lahat ng sinasabi ng ating kausap.
- Antas 5: Nakikinig tayo ng may buong simpatiya, inuunawa natin ang kahulugan ng sinasabi ng kausap, sinisikap nating lumagay sa lugar ng ating kausap, iniintindi hindi lamang ang kaisipan kundi pati ang damdamin ng kausap natin.

(b) Sina Win Arn, Carroll Nyquist, at Charles Arn sa kanilang aklat "Who Cares About Love" ay binanbanggit naman ang APAT NA ANTAS NG KOMUNIKASYON:

- Antas 1: Pagpapalitan ng karaniwang batian: "Kumusta ka? O, sige, ingat."
- Antas 2. Pagbibigayan ng mga impormasyon at karaniwang balita. Mga "kuwentong kutsero" tulad ng tungkol sa panahon, tungkol sa mga balitang sports, at mga balita sa peryodiko.
- Antas 3: Pagsasabi ng tungkol sa ating sarili – ang mga opinyon at saloobin natin, mga pangarap, layunin at kung anong mga mahalaga sa ating buhay.
- Level 4: Paghahayag ng ating puso, kung ano talaga ang tunay na damdamin natin, ang ating emosyon, ang ating kagalakagan, ang mga

pag-aalinlangan at pagkatakot na nadarama natin, paghahayag ng buong kalooban natin.

Sabi ng mga may-akda, "Kadalasan, mahusay ang ating komunikasyon sa simula ng ating relasyon sa isa't isa, sa Antas 1 at Antas 2. Pero malimit na tumitigil na tayo sa unang dalawang antas kung hindi natin pagsumikapan na maging mas malalim pa ang ating komunikasyon at ayaw nating maging personal, bukas at totoong malapit ang ating komunikasyon."

PAGTATAPOS

10. Ang layunin ng komunikasyon ay sinasagisag ng relasyon ng unang mag-asawa, si Adan at si Eva. Ayon sa Genesis 2:23-25:

²³ At sinabi ng lalake, Ito nga'y buto ng aking mga buto at laman ng aking laman: siya'y tatawaging Babae, sapagka't sa Lalake siya kinuha.

²⁴ Kaya't iiwan ng lalake ang kaniyang ama at ang kaniyang ina, at makikipisan sa kaniyang asawa: at sila'y magiging isang laman.

²⁵ At sila'y kapuwa hubad, ang lalake at ang kaniyang asawa, at sila'y hindi nagkakahiyaan.

Mula sa mga talatang ito, pansinin natin:

(a) **PAGKAKAISA (UNITY):** Pansinin natin, unang-una, na plano ng Diyos na ang mag-asawa ay maging ISANG LAMAN – ibig sabihin, magkaroon sila ng lubos ng PAGKAKAISA.

(b) **PAGTATAPAT (HONESTY):** Pangalawa, sila'y parehong hubad – ang ibig sabihin, walang tinatago sa isa't isa at lubos na may pagtatapat sa isa't isa.

(c) **PAGTANGGAP (ACCEPTANCE):** Pangatlo, sila'y hindi nagkakahiyaan. Wala silang dapat ilingid sa isa't isa. Mayroon silang lubos na pagtanggap, pag-uunawaan, pag-ibig at suporta sa isa't isa.

Iyan ang kanilang kalalagayan bago sila nahulog sa kasalanan.

12. Pero pansin natin ang kalagayan ni Adan at Eva pagkatapos na sila'y nagkasala. Basahin natin ang Genesis 3:7-10:

⁷ At nadilat kapuwa ang kanilang mga mata, at kanilang nakilalang sila'y mga hubad; at sila'y tumahi ng mga dahon ng puno ng igos, at kanilang ginawang panapi.

⁸ At narinig nila ang tinig ng Panginoong Dios na lumalakad sa halamanan sa kulimlim ng araw: at nagtago ang lalake at ang kaniyang asawa sa harapan ng Panginoong Dios sa pagitan ng mga punong kahoy sa halamanan.

⁹ At tinawag ng Panginoong Dios ang lalake at sa kaniya'y sinabi, Saan ka naroon?

¹⁰ At sinabi niya, Narinig ko ang iyong tinig sa halamanan, at ako'y natakot, sapagka't ako'y hubad; at ako'y nagtago.

Mula sa mga talatang ito, pansinin natin:

(a) **MAYROON NANG GUSTONG ITAGO.** Pansinin natin ang unang bagay na nangyari pagkatapos na sila'y nagkasala: nahiya na sila sa kanilang pagiging-hubad. Ang ilang guro sa Biblia ay nagsasabi na noong hindi pa nahulog sa kasalanan si Adan at Eva, sila ay nababalutan ng wari ulap ng kabanalan at pagka-inosente na parang pinakadamit nila. Subalit sa sandaling sila'y nagkasala, ang banal na ulap ay naglaho at nawala rin ang kanilang kabanalan at pagka-inosente. Sa halip, nagkaroon na sila ng hiya at pagsumbat-ng-budhi; dahil dito, naghanap sila ng pantakip sa kanilang kahubaran. Mula sa karanasang ito ni Adan at Eva, makikita natin na ang unang hadlang sa komunikasyon ay ang pagkakaroon ng bagay na gusto nating ilingid at itago sa ating esposo o esposa. Paano natin mapagtatagumpayan ang hadlang na ito?

- **KAPATAWARAN.** Maiiwasan natin ang pagtatago at paglilingid ng mga sekreto sa pamamagitan ng paghingi ng kapatawaran at paglilinis sa lahat ng kasalanan natin, mula sa Diyos sa pamamagitan ni Cristo Jesus. Ito ang dahilan kung bakit lubhang mahalaga na tanggapin natin si Cristo bilang ating sariling Panginoon at Tagapagligtas. Sa sandaling matiyak natin na ang ating mga kasalanan ay pinatawad na, hindi na kailangang ikubli ang mga ito; puwede na tayong maging bukas at tapat sa isa't isa.
- **LUBOS NA PAGTANGGAP SA ISA'T ISA.** Subalit hindi lamang kapatawaran ang kailangan natin upang maiwasan ang pagkukubli at pagtatago ng sekreto. Kailangang matiyak ninyo na kayong mag-asawa ay may pagtanggap sa isa't isa na lubos at walang pasubali. Dapat maipangako ninyo sa isa't isa na kahit sino ka pa, at kahit ano ang iyong nakaraan at mga nagawang kamalian at pagkukulang, ikaw ay tinatanggap ko ng lubos at walang pasubali, at ibibigay ko sa iyo ang aking pagpapatawad at pang-unawa at buong pagmamahal.

(b) **PAGKUKUNWARI.** Pangalawa, pagkatapos na nahulog sa kasalanan si Adan at si Eva, sila'y nagtahi-tahi ng mga dahong igos bilang pantakip sa kanilang kahihyan. Ang pangalawang hadlang sa komunikasyon ay ang pagkukunwari, ang pagpapanggap, ang paglalagay ng maskara upang isipin ng mga tao kung gaano kabuting tao ka pero hindi naman pala. Upang mapagtagumpay ang pagpapanggap, kailangang iwasan natin ang pagiging plastik. Basta ipakita natin sa iba kung sino talaga tayo sa tunay na kalagayan natin. Gamitin natin ang prinsipyo na tinatawag sa English na W-Y-S-I-W-Y-G: What You See Is What You Get. Kung ano ang nakikita mo, iyan talaga ako.

- Gayunpaman, hindi agad-agad matutuhan ng mag-asawa ang maging ganap na bukas at tapat sa isa't isa. Kailangang pag-aralan ng mag-asawa kung paano maging bukas sa isa't isa. At kailangang patunayan nila na karapat-dapat ang bawa't isa na pagkakatiwalaan ng pinakamalalim na sekreto ng buhay nila. Puwede kong buksan ang aking puso sa isang tao na hindi huhusga sa akin, na

ako'y uunawain, at ako'y mamahalin sa kabila ng aking mga pagkukulang at pagkakamali, at ako'y tutulongan na magiging mas mabuting tao.

(c) **MAKATAONG LIMITASYON.** Pangatlo, pagkatapos na magkasala si Adan at Eva, sila'y nagtago sila sa Diyos. Ang pangatlong hadlang sa komunikasyon ay ang limitasyon natin bilang mga tao. Sa ganang ating sarili, hindi natin kayang maging lubos na bukas at hayag sa isa't isa. Hindi natin kayang mahalín ang isa't isa nang lubusan na ginagamit ang sariling lakas natin. Hindi rin tayo matutulungan ng ibang mga tao, kahit na ng pinakamatalinong sikolohista (psychologist) o sikayatrísta (psychiatrist). Kailangan natin ang tulong ng Diyos. Dapat nating tanggapin ang Diyos bilang siya ang Pangatlong Kasama natin sa ating matrimonyo. At dapat nating tanggapin ang Kanyang Salita bilang siyang Ilaw na magliliwanag sa mga madidilim na sulok ng ating buhay.

Wika sa 1 Juan 1:7: "Nguni't kung tayo (asawang lalaki at asawang babae) ay nagsisilakad sa liwanag, na gaya niyang (ang Diyos) nasa liwanag, ay may pakikisama (ganap na pagkakaisa at ganap na komunikasyon) tayo sa isa't isa, at nililinis tayo ng dugo ni Jesus na kaniyang Anak sa lahat ng kasalanan."

Wika rin sa Awit 119:105: "Ang salita mo'y ilawan sa aking mga paa, at liwanag sa aking landas."

PAGSASABUHAY

13. Puwede bang magbigay ng hamon sa inyong dalawa?

(a) Handa ba kayong mangako na **PAG-AARALAN** ninyo kung paano magkaroon ng komunikasyon sa isa't isa? At sisikapin ninyong maging **KARAPAT-DAPAT** na magbukas ng inyong pinakamalalim na kalooban sa isa't isa?

(b) Papayagan ba ninyo na magsisilbing **ILAWAN** ang Salita ng Diyos na magliliwanag sa inyong kaloob-looban upang ilantad ang inyong pinaksekretong isipan at damdamin sa isa't isa?

(c) Papayagan ba ninyo na ang **PAG-IBIG** ng Diyos ang magbibigay ng kakayahan sa inyo upang ganap ninyong matanggap at mapatawag at masuportahan ang isa't isa?

FACT 4: TEAMWORK **SANGKAP 4: SAMA-SAMANG PAGGAWA**

1. Pag-aaralan na natin ngayon ang pang-apat na **SANGKAP** ng pag-ibig at pagsasama ng mag-asawa na maligaya at tumatagal habang-buhay. Ang sangkap na ito ay **SAMA-SAMANG PAGGAWA (TEAMWORK)**. Ang teamwork ay nakasalig sa katotohanan na ang asawang lalaki at asawang babae ay nilikha ng Diyos bilang katuwang sa isa't isa. Basahin natin ang Genesis 2:18, 21-22. Tungkol sa mga talatang ito, ibig kong ipaliwanag ang ilang bagay sa mga binata't dalaga.

Pero bago ang lahat, isang kuwento muna mula kay Pastor Chuck Swindoll. Sabi niya, minsan ay nakatanggap siya ng sulat mula sa isang babae na nagkuwento kung paano siya nakatagpo ng asawa. Ito ang isinulat noong babaeng iyon; sabi niya, “Kailanman ay hindi ako nag-aalala kung ako’y magkakaasawa o hindi. Ipinaubaya kong lahat sa kalooban ng Diyos. Gayunpaman, tuwing gabi ay nagsabit ako ng isang pantalon ng lalaki sa ulunan ng aking kama at ako’y nanalangin ng ganito: ‘Diyos Amang nasa langit, ang dalangin ko’y pakinggan. Ako po’y nagsasabit ng pantalon, at ang dalangin ko po, harinawa’y lagyan mo ng isang lalaki ang pantalong iyan.’”

Naisip ni Pastor Swindoll na napakagandang sulat iyon at kanyang binasa ito sa kanyang sermon isang araw ng linggo. Nagkataon naman na noong linggong iyan ay dumalo sa simbahan ang isang tatay kasama ang kanyang binatang anak; hindi nila kasama ang nanay ng tahan kasi nag-aalaga ito ng isang anak na maysakit. Tumatawa ng tumawa ang tatay noong narinig niya ang sulat na binasa ni Pastor Swindoll, subalit ang kanyang binatang anak ay seryosong nakikinig. Nakakatuwa ang nangyari pagkatapos. Hindi nagtagal ay nakatanggap si Pastor Swindoll ng sulat mula sa nanay ng binata. Ganito ang sabi ng nanay, “Mahal na Pastor Chuck, ibig ko pong malaman kung dapat po akong mag-alala. Napansin ko po na tuwing matutulog na ang binata kong anak, nagsasabit po siya ng isang bikini sa ibabaw ng kanyang kama.”

Sige, balik na tayo sa Genesis 2:18, 21-22. Mula sa mga talatang ito ay mayroon akong ilang katotohanan na babanggitin sa mga binata’t dalaga.

(a) Una, batid ng Diyos na kailangan mo ang kasama sa buhay. Sa buhay ni Adan, ni wala pa nga siyang kaalam-alam tungkol sa kung anong nilalang ba ang babae, anong hitsura ng babae, o bakit niya kailangan ang babae. Pero matagal pang panahon bago pumasok sa isip ni Adan ang tungkol sa babae, batid na ng Diyos na kailangan niya ang isang babae bilang kasama sa buhay.

(b) Pangalawa, Diyos mismo ang maghahanda ng iyong magiging kasama sa buhay. Minsan pa, mula sa karanasan ni Adan, ni hindi si Adan ang humingi ng kasamang babae. Diyos mismo, sa kanyang walang hanggang pag-ibig at karunungan, ang umako ng responsibilidad na kanyang ihanda ang babae na magiging perpektong katuwang ni Adan sa buhay. At kayo rin, mga binata’t dalaga, magtiwala kayo sa Diyos na ihahanda rin niya para sa inyong ang inyong makakasama sa buhay.

(c) Pangatlo, samantalang kayo’y naghihintay, kailangan ninyong “matulog” patungkol sa bagay na ito. Pinatulog muna ng Diyos si Adan habang inihahanda niya ang kanyang magiging katuwang. Ang mga mahilig sa medisina ay nagpapalagay na ang ginawa ng Diyos kay Adan ay siyang pinakaunang sinulat na kasaysayan tungkol sa pagtistis (surgery), at ang kauna-unahang sinulat tungkol sa anesthesia. Ang mahalagang katotohanan dito ay ito ang ibig ng Diyos na gawin ng mga binata’t dalaga habang hinihintay ang inyong magiging katuwang sa buhay. Ibig ng Diyos na kayo’y “matulog” patungkol sa bagay na ito. Ang ibig bang sabihin ay hindi na kayo magkakaroon ng anumang pakialam sa bagay na ito? Hindi ganyan ang ibig sabihin. Ang ibig sabihin ay

huwag muna kayong magbibitiw ng pangako sa isang babae o isang lalaki hangga't hindi ninyo natitiyak na siya nga ang kaloob ng Diyos para sa inyo. Marahil maitatanong ninyo, “Ano kung gayon ang gagawin ko pansamantala?”

Pansamantala, isang importanteng bagay ang mungkahi ko sa inyo. Habang kayo’y naghihintay, magkaroon kayo ng dalisay at maayos na pakikipagkaibigan bilang mga Kristiyano. Kilalanin ninyo ang isa’t isa bilang mabubuting kaibigan. Malamang ay ituturo ng Diyos ang isa sa mga kaibigan ninyo ang magiging inyong katuwang habangbuhay. “Matulog” kayo patungkol sa paggawa ng pangako, pero maging “gising” kayo patungkol sa paghahanda at pagsasanay na ginagawa ng Diyos sa inyong buhay. Lubos na sumunod sa Diyos sa mga bagay na itinuturo ng Diyos sa inyo. At umasa kayo, kahit na hindi kayo magsabit ng bikini o pantalon sa ibabaw ng inyong kama ay dadalhin sa inyo ng Panginoon ang katuwang sa buhay na talagang nararapat sa inyo.

3. Pag-usapan na natin ngayon ang pang-apat na sangkap ng maligaya at tumatagal na pagsasamang mag-asawa: SAMA-SAMANG PAGGAWA (TEAMWORK). Ang teamwork ay may tatlong bahagi.

AUTORIDAD – AUTHORITY

4. Una, para magkaroon ng teamwork (sama-samang paggawa), ay dapat kilalanin ng mag-asawa na inilagay ng Diyos ang asawang lalaki bilang ulo o autoridad sa ibabaw ng asawang babae at ng buong pamilya. Inilagay ng Diyos ang balangkas ng autoridad maging sa pamilya at maging sa lipunan at gobyerno, para sa tatlong kadahilanan. Pakibasa ang 1 Corinto 11:3, 8-12; Efeso 5:22-33.

(a) Upang magkaroon ng pananagutan. Itinakda ng Diyos na Siya’y kikilos sa pamamagitan ng mga autoridad na kanyang inilagay. At ang mga autoridad na ito ay inilagay upang sila ang mananagot sa kanya. Basahin ang Roma 13:1.

(b) Upang magkaroon ng “bubong” (roof) ng proteksiyon. Bahagi ng pananagutan ng autoridad (authority) ay ang gawain nila bilang parang bubong na magbibigay ng proteksiyon sa mga taong nasa ilalim ng kanilang kapangrihan – ang asawang babae ay nasa ilalim ng proteksiyon ng asawang lalaki; ang mga anak ay nasa ilalim ng proteksiyon ng mga magulang; ang mga taong-bayan ay nasa ilalim ng proteksiyon ng mga pinuno ng gobyerno.

(c) Upang magkaroon ng maayos na palakad (management). Ang katawan ng tao ay nagsisilbing maliwanag na larawan patungkol dito. Inilagay ng Diyos ng isang ulo bilang pinuno ng buong katawan, na binubuo ng marami at iba’t ibang bahagi. Ano kaya ang mangyayari kung naging dalawa ang ulo ng isang katawan? Iyan ay magiging parang nakakatakot na halimaw. Isang ulo lamang ang kailangan upang magkaroon ng maayos na palakad, maging sa pagkilos ng katawan o ng mga samahan at organisasyon.

MGA TANONG

5. Bago tayo magpatuloy, dapat nating sagutin ang ilang mga tanong.

(a) Ang ibig bang sabihin ay mas mababang uri ng tao ang babae dahil lalaki ang ginawang ulo ng pamilya? Kailanman ay hindi. Ang kalikasan ay hindi katumbas ng katungkulan. Ang lalaki at babae ay mayroong iisang kalikasan bilang tao, bagama't sila'y binigyan ng magkaibang katungkulan. Kahit sa loob ng Santa Trinidad ay mayroong balangkas ng autoridad, tulad ng mababasa natin sa 1 Corinto 11:3; 15:27-28.

(b) Ang ibig bang sabihin ay alipin ng asawang lalaki ang asawang babae? Nakakalungkot na ganito ang trato sa mga babae sa iba't ibang kultura ng daigdig. Subalit sa plano ng Diyos, ang asawang lalaki at asawang bagae ay magkapantay na anak ng Diyos at magkapantay na tagapagmana ng Diyos (1 Pedro 3:7).

(c) Ano ang masasabi natin tungkol sa tinatawag na Women's Lib (samahan ng mga babae na may layuning magkaroon ng pagkakapantay sa lahat ng bagay ang lalaki at babae) – ito ba'y naayon sa Biblia o hindi? Sa kanilang layunin na maalís ang pag-aalipin at pang-aabuso sa mga kababaihan ay nakapagdulot ang Women's Lib ng maraming magagandang resulta. Subalit sa kanilang radikal na pagnanais na gawing magkaaway at magkatunggali ang babae laban sa mga lalaki ay masasabi nating kontra sa Biblia ang mga layuning ito ng Women's Lib. Ang plano ng Diyos sa Biblia ay magkaroon ng pagkakaisa at pagtutulungan ang mga kalalakihan at mga kababaiban.

6. Sa maikling salita: Alang-alang sa kaayusan at mabisang pamamahala, ang asawang lalaki ang inilagay na ulo sa ibabaw ng asawang babae at ng pamilya.

MAGKAKAIBANG PAPEL – ROLES

7. Pangalawa, upang magkaroon ng TEAMWORK (sama-samang paggawa), dapat magkaintindihan ang mag-asawa tungkol sa kanilang magkakaibang papel (roles) na gagampanan, alinsunod sa kanilang magkakaibang talento at sitwasyon. Noong unang panahon kung kailan ang hanapbuhay ng mga tao ay pagsasaka, maliwanag ang mga papel o gawain na dapat gampanan ng mga lalaki at mga babae. Subalit ang modernong buhay natin ngayon ay nagdulot ng maraming mga pagbabago sa mga papel na dapat gampanan ng mga lalaki at mga babae. Halimbawa'y ang mga susunod:

(a) Noong maliliit pa ang aming mga anak, nagkasundo kaming mag-asawa na siya ang mag-aalaga sa mga bata kung araw; pero sa gabi ako ang babangon upang magbigay ng gatas o magpalit ng lampin sa bata kung ito'y maging. Ngayong retirado na kami at wala ng kasamang mga anak, siya ang kusinera, ako ang tagahugas ng pinggan.

(b) Subalit may kakilala kaming asawang lalaki na mas mahusay magluto kaysa kanyang asawang babae, kaya siya ang mas madalas na magluto.

(c) Sina Tony at Pam ang paborito kong halimbawa. Inhenyero si Tony, nars naman si Pam/ Noong sila'y bagong kasal pa lamang, mas malaki ang sinasahod ni Pam bilang nars, sapagka't walang makuhang trabaho si Tony bilang inhenyero. Kaya sila'y

nagkasundo na pansamantala, si Tony ang maging “house-band” (lalaking maybahay) at si Pam ang maghahanapbuhay. Pagdaan ng ilang panahon, si Tony ay nakakuha ng trabaho bilang inhenyero na may sapat na sahod, at sila’y nagkasundo na puwede ng tumigil sa trabaho si Pam upang magsilbing ganap na maybahay at nanay ng tahanan. Ang kanilang mga anak ay kanilang napalaki at napag-arala lahat na may maayos na buhay ngayon.

(d) Pero dapat nating pag-sapan ang tungkol sa pera – sino ang hahawak ng pananalapi ng pamilya? Halimbawa, ang ugali ng Pilipino ay kakaiba sa ugaling American. Kadalasan sa America, lalaki ang may hawak ng pananalapi, bibinigyan lamang ng lalaki ang asawang babae ng kanyang allowance. Sa kabilang dako, ang Pilipinong asawang lalaki naman ang naghahanap-buhay at sa tuwing magsuweldo siya, ay kanyang ibinibigay lahat ang suweldo sa asawang babae, at siya naman ang binibigyan ng allowance lamang. Ang pamamalakad ng pananalapi ay dapat pag-usapan ng mag-asawa. Dapat nilang alamin kung sino sa kanila ang mas mahusay na mag-budget, sino ang mas mahusay na magkontrol ng paggastos. Basta magkaunawaan at magkaisa ang mag-asawa kung paano nila pamamahalaan ang kanilang pera.

(e) Isang panghuling tanong tungkol sa papel na gagampanan ng mag-asawa. Sino ang mag-aayos kung magkaroon ng sira ang alinmang parte ng bahay, tulad ng pintuan. Noong bagong kasal pa lang kami, inis na inis ang aking asawa kasi hindi ko man lang inaayos ang sirang screen ng aming pintuan. Isang araw, basta na lang kumuha siya ng martilyo at pako at siya na ang nag-ayos ng pintuan, samantalang sinasabi sa akin, “Bakit ka ba hindi katulad ng tatay ko? Pag nakita niyang may sira ang alinmang parte ng bahay, agad niyang inaayos ito.” Sasabihin ko sa inyo ang totoo, ni hindi ko napansin na sira pala ang screen ng aming pintuan.

8. Sa maikling salita: Asawang lalaki at asawang babae, ito ang sasabihin ko sa inyo: Pag-usapan ninyo at pagkaisahan kung paano ninyo patatakbuhan ang inyong pamilya. Pag-usapan ninyo kung alin ang mga papel na inyong gagampanan at kung sino ang gagawa ng mga gawain sa bahay. Huwag ninyong pansinin kung ano ang sasabihin ng ibang mga tao, at huwag ninyong gagayahin ang kanilang palakad sa kaniklang pamilya. Basta gawin ninyo kung ano ang nababagay sa inyo.

PAGGAWA NG DESISYON – DECISION-MAKING

9. Pangatlo, upang magkaroon ng TEAMWORK ang mag-asawa, dapat magkaunawaan kayo kung anong sistema ang susundin ninyo patungkol sa paggawa ng mga desisyon sa inyong pamilya. Mayroong maling palagay ang karamihan na dahil ang asawang lalaki ang ulo ng pamilya ay puwedeng basta na lang gumawa siya ng desisyon kahit hindi niya ito ikokonsulta sa kanyang asawang babae at mga anak. Hindi ito ang katuruan ng Biblia. Sa katunayan, bago ka dumating sa Efeso 5:22 (na nagsasabi, “Mga babae, pasakop kayo sa inyo-inyong sariling asawa, na gaya ng sa Panginoon”), ay dadaan ka muna sa Efeso 5:21 (na nagsasabi, “Na pasakop kayo sa isa’t isa sa takot kay Cristo”). Ito ang pangunahing prinsipyo sa loob ng pamilya ng Diyos, na mayroong pagpapakumbabaan at pagsusunuran sa isa’t isa. At mula sa pangunahing prinsipyong ito

ay lumalabas ang prinsipyo na sa relasyon ng mag-asawa, patungkol sa paggawa ng desisyon, dapat sama-samang gagawa ang buong pamilya, ang tatay at nanay kasama ang mga anak ayon sa abot ng pang-unawa nila.

Iminumungkahi ko na sundin ang susunod na mga hakbang:

HAKBANG 1: IMPORMASYON

STEP 1: INFORMATION.

Sa English, ang tawag dito ay BRAINSTORMING – paglikom ng lahat ng bagay na dapat malaman tungkol sa bagay na pagdedesisyunan. Ang buong pamilya ay dapat ibigay ang kani-kanilang mga ideya. Sa panahon ng brainstorming, tinatanggap ang lahat ng ideya; walang masama o maling ideya. Sa hakbang na ito ay hindi muna kikilatisin kung alin ang mga mabuti o hindi mabuting mga ideya.

HAKBANG 2: PAGGABAY

STEP 2: GUIDANCE.

Sa hakbang na ito ay hahanapin ng pamilya ang paggabay ng Diyos sa pamamagitan ng panalangin, pagsaliksik sa Biblia at paghingi ng payo sa mga nakakatanda. Basahin ang Kawikaan 3:5-6; 12:15; 15:22; Roma 8:14; 2 Timoteo 3:16-17. Sa hakbang na ito ay inyo nang kikilatisin at susuriin ang mga ideya at mga mungkahi, kung alin ang mabuti at hindi mabuti; piliin ang mga ideyang mabuti, at ang mga hindi mabuti ay itapon.

HAKBANG 3: MGA PAGPIPILIAN

STEP 3: OPTIONS.

Sa hakbang na ito ay inyong isusulat ang mga pagpipilian ninyong mga desisyon, kung alin ang pinakamabuti (Option A); alin ang sunod na mabuti (Option B), at alin ang puwede na rin (Option C). Sagutin ang tanong na ito, para sa bawat OPTION: Kung gagawin natin ang desisyon OPTION A, ano ang mga mabubuting bagay na mangyayari; at alin ang mga malamang na bagay na di magandang mangyayari (sa English ang tawag dito ay PRO and CON, positive results and negative results). Sa hakbang na ito ay gagawa kayo ng pagpili kung alin ang PANSAMANTALANG PINAKAMAGANDANG DESISYON (tentative decision). Patuloy kayong manalangin, patuloy na magsaliksik sa Biblia, at (kung kailangan) ay humingi kayo ng payo sa mga mas matandang mga Kristiyano. Bilang magkaisang koponan (UNITED TEAM), isulat ninyo ng maliwanag ang pangunahing TATLONG DESISYON na inyong pagpipiliaan.

HAKBANG 4: PAGGAWA NG DESISYON

STEP 4: DECISION.

Sa hakbang na ito, ang ULO NG PAMILYA (ang asawang lalaki/tatay) ay gagawa ng desisyon (final decision). Mula sa tatlong pagpipilian na pinag-usapan ng buong pamilya, ang ulo ng pamilya ay pipili ng desisyon na sa kanyang palagay ay pinakamabuti para sa buong pamilya.

HAKBANG 5: PAGSASAGAWA STEP 5: IMPLEMENTATION.

Pagkatapos na makagawa ng desisyon ang ulo ng pamilya, kailangang sama-samang gagawa ang buong pamilya (tatay, nanay, mga anak) upang isagawa ang desisyon. Puspos ng pananampalataya at determinasyon, sama-samang ipatupad nila ang desisyon at sisikapin nilang ito’y maging matagumpay. Dapat nilang iwasan ang anumang pag-aalinlangan o pagsisisihan; sa harap ng madla ay dapat ipakita nila ang kanilang pagkakaisa – maging panalo, talo, o tabla ang labas. Nasasabi ko sa dahilang may mga asawang babae, halimbawa, na nagsasabi, “Siya ang may gusto niya, hindi ako.” Para sa mga mag-asawa, sinasabi ko ito: Kung gusto ninyong tumagal ang inyong pag-ibig at pagsasama, gawin ninyong sama-sama ang inyong desisyon. At bilang pamilya, sama-samang ninyong sikaping tuparin ang desisyon upang ito’y maging matagumpay.

PANGWAKAS NA HAMON

10. Bakit mahalaga ang TEAMWORK sa relasyon ng mag-asawa? Sapagkat ang teamwork ang tumutulong sa isang team (koponan) na magtagumpay. Sa larangan ng sports, muli’t muli nating nakikita na ang isang team na walang superstar, kapag may teamwork, ay nananalo sa team ng mga superstars na walang teamwork.

11. At mahalaga na ang pagsasamang mag-asawa ng mga Kristiyano ay magtagumpay alang-alang sa mas dakilang dahilan. Sa plano ng Diyos, ang matagumpay na Kristiyanong mag-asawa ay isang buhay na patotoo sa harap ng daigdig patungkol sa magandang relasyon ni Cristo sa Iglesiya na kanyang Nobya. Kapag nasaksihan ng daigdig na ang pagsasama ng mag-asawang Kristiyano ay matagumpay, masaya at tumatagal, sila’y maniniwala na ang Diyos ay totoo, na si Cristo ay totoo, at posible palang magkaroon ng ng pag-ibig na panghabangbuhay sa daigdig na ito! (Efeso 5:30-32)

FACT 5: SATISFACTION & SUCCESS IN MARRIAGE SANGKAP 5: KASIYAHAN & TAGUMPAY SA MATRIMONYO`

1. Ang pamagat ng ating pangwakas na aralin natin ay KASIYAHAN AT TAGUMPAY SA MATRIMONYO. Hulaan ninyo kung ano ang ating pag-uusapan? Ito ang paksang madalas na pag-usapan sa tv, sa radio, sa mga pelikula, aklat, pahayagan at mga magasin. Kung paniniwalaan natin ang mga pelikula ng Hollywood, ang buong daigdig ay baliw na baliw sa paksang ito ng seks – S-E-X.


2. Noong unang panahon ay hindi lantarang pinag-uusapan ang paksang ito sa harap ng madla. Subalit talagang nagbago na ang panahon! Sa America, sa mga paaralang publiko, ay itinuturo na nila ang tungkol sa seks kahit na sa elementarya – at itinuturo nila pati na kung ano ang ginagawa ng mga bakla! Sa ganang akin, ang ganyang

pagtuturo ay kamangmangan at kawalang-responsibilidad. Nagbibigay sila ng impormasyon sa mga bata na hindi nila kailangan sa ganyang murang edad.

3. Ngunit nabuksan na nila ang bawal na kahon ni Pandora, at ang mapanganib na kaalaman tungkol sa seks ay kumalat na. At dapat nating manmanan ito.

NAGTUTURO TUNGKOL SA SEKS ANG BIBLIA

4. Gayunpaman, tayong mga konserbatibong Kristiyano ay dapat huwang makalimot na mismong ang Biblia ay nagtuturo tungkol sa SEKS. At dapat pag-aralan natin kung paano ituro ang tungkol sa seks sang-ayon sa Biblia. Dahil dito, pag-usapan natin muna ang APAT NA BAKOD NG SEKS (FOUR BOUNDARIES OF SEX), na nakalarawan sa ibaba:



BOUNDARY 1: God gave me the gift of love and sex.

BAKOD 1: Diyos ang nagkaloob sa akin ng pag-ibig at seks.

Nilikha ng Diyos ang tao na nagtataglay ng seks noong ginawa silang lalaki at babae. Diyos mismo ang naglagay sa kanilang pagkatao ng kahanga-hanga, makapangyarihan at misteryosong damdamin ng seks, na siyang nag-uudyok sa lalaki at babae upang magkaroon ng relasyon sa isa't isa. Ang seks ay regalo ng Diyos sa mga tao, kasama ng pagkagutom sa pagkain, at sa ibang mga pangangailangan na tumutugon sa limang pakiramdam (five senses) ng paningin, pakinig, pang-amoy, panlasa at pandama.

BOUNDARY 2: God will supply my need for love and sex.

BAKOD 2: Diyos mismo ang magbibigay ng katugunan sa pangangailangan ko ng pag-ibig at seks.

Sa lahat ng pangangailangan na inilagay ng Diyos sa loob ng aking katawan, lumikha din ang Diyos ng pantugon sa mga pangangailangang iyon na matatagpuan sa aking kapaligiran. Halimbawa, inilagay ng Diyos sa aking katawan ang pagkagutom sa pagkain; lumikha rin ang Diyos ng mga tanim at hayop na bubusog sa aking pagkagutom.

At ito'y totoo para sa lahat ng pangangailangan ng katawan. Ito'y totoo patungkol sa pagkain at ito'y totoo patungkol sa pangangailangan ng seks. Diyos mismo ang naghanda ng paraan kung paano tutugunin ang pangangailangan iyan. Kaya nga, sa Diyos tayo dapat tumingin para sa pangangailangang iyan. Ang karanasan ni Jesus sa ilang, noong Siya'y tuksuhin doon ng diyablo, ay nagpapakita kung paano umaandar ang prinsipyong ito (Mateo 4:1-11). Nagtiwala si Jesus na Diyos ang nagdala sa kanya sa ilang; nagtiwala din siya na Diyos din mismo ang magbibigay ng pantugon sa Kanyang pangangailangan doon sa ilang. Noong tinukso siya ng diyablo na gumawa ng sarili Niyang tinapay, ito ang sagot ni Jesus: "Hindi lamang sa tinapay nabubuhay ang tao kundi sa baw't salitang nagmumula sa bibig ng Diyos" (Mateo 4:4). Sa ibang salita, hinintay ni Jesus na ibigay ng Diyos ang pantugon sa Kanyang pangangailangan sa panahong takda ng Diyos at sa paraang takda ng Diyos.

BOUNDARY 3: Sex is reserved only for marriage.

BAKOD 3: Ang seks ay nakalaan lamang sa loob ng matrimonyo.

Ito ang kahulugan ng utos laban sa pangangalunya (sa English, fornication ang relasyon ng binata't dalaga na di-kasal; adultery ang relasyon ng isang may-asawa sa di niya asawa). Ipinag-uutos din ng Diyos na manatiling malinis ang ating isipan at huwag mag-iisip ng bawal na seks (Mateo 5:27-30). Isang napakagandang pangyayari sa ngayon na maraming mga kabataan ang nangangakong maging malinis ang kanilang isip patungkol sa seks sa pamamagitan ng pagsali sa programang tulad ng True Love Waits at ibang programang gaya nito.

BOUNDARY 4: I will follow God's will: single or married.

BAKOD 4: Susundin ko ang kalooban ng Diyos, maging ako'y walang asawa o may asawa.

Ang karaniwang plano ng Diyos para sa lahat ay magkaroon ng baw't isa ng asawa (1 Corinto 7:2). Subalit may mga tao na tinawag ng Diyos upang manatiling walang asawa habang buhay. Dahil dito, kailangang tiyakin ng bawat Kristiyano kung ano ang kalooban ng Diyos para sa kanya. At dapat magtiwala ang bawat Kristiyano na Diyos din ang magkakaloob ng kalakasan sa iyo na manatiling banal at malinis, maging may-asawa ka man o wala.

KASIYAHAN AT TAGUMPAY SA MATRIMONYO

5. Ang kasiyahan at tagumpay sa matrimonyo ay sumasaklaw sa tatlong bagay: SEKS, KAIBIGAN AT KATUWANG (SEX, FRIENDSHIP, PARTNERSHIP).

6. Ngayon, ito ang ating tanong: Ano ang aral ng Biblia tungkol sa seks sa loob ng matrimonyo? Ang Biblia ay masyadong makatotohanan sa bagay na ito. Pakinggan ang sabi ng Lumang Tipan:

Kawikaan 5:18-10: ¹⁸ Pagpalain ang iyong bukal; at magalak ka sa asawa ng iyong kabataan. ¹⁹ Gaya ng maibiging usa at ng masayang usang babae, bigyan kang

katiwasayan ng kaniyang dibdib sa buong panahon; at laging malugod ka sa kaniyang pagibig.

Sa katunayan, ang buong aklat ng Awit ng mga Awit ni Solomon, ay sinulat patungkol sa kaligayahan ng pag-ibig ng mag-asawa.

7. Pakinggan ang masyadong praktikal na payo patungkol sa dapat gampanan ng mag-asawa sa isa't isa:

1 Corinto 7:3-5: ³Ibigay ng lalake sa asawa ang sa kaniya'y nararapat: at gayon din naman ang babae sa asawa. ⁴Ang babae ay walang kapangyarihan sa kaniyang sariling katawan, kundi ang asawa: at gayon din naman ang lalake ay walang kapangyarihan sa kaniyang sariling katawan, kundi ang asawa. ⁵Huwag magpigil ang isa't isa, maliban kung pagkasunduan sa ilang panahon, upang kayo'y mamalagi sa pananalangin, at muling kayo'y magsama, baka kayo'y tuksuhin ni Satanas dahil sa inyong kawalan ng pagpipigil.

Pansinin nating mabuti: Huwag nating isipin na masyadong garapal ang Biblia; sa kabilang dako, ang Biblia ay masyadong deretsahan patungkol sa kahalagahan ng seks sa relasyon ng mag-asawa.

(a) Katungkulan ng mag-asawa na bigyan ng kaligayahan sa seks ang isa't isa.

(b) Ang asawang lalaki ang may kapangyarihan sa katawan ng asawang, at ang asawang babae ang may kapangyarihan sa katawan ng asawang lalaki. Ano ang ibig sabihin nito? Ang ibig sabihin nito ay parehong inilagay ng Diyos sa katawan ng lalaki at babae ang pagnanais ng seks. Dahil dito, hindi lamang ang lalaki ang may karapatang mangalabit; at hindi nakakahiya sa babae na siya ang mangalabit. Parehong may karapatan ang asawang lalaki at asawang babae na magnais ng kaligayahan sa seks kung kailan magkaroon siya ng pagkagusto nito.

(c) Maliwanag din na ipinag-uutos ng Diyos na huwag magdamutan ang mag-asawa sa baga ng seks. Gayunpaman, dapat silang magkaroon ng unawaan at kasunduan kung kailangang huwag muna silang magkaroon ng relasyon kung may mga dahilan tulad ng may karamdaman ang isa't isa, o may trabaho, o may espirtual na gawain na dapat gampanan, tulad ng natatanging panahon ng panalangin.

(d) Maliwanag din na nagbibigay ang Biblia ng babala na huwag patatagalin ng mag-asawa ang panahon ng kanilang di-pagtatalik, baka ito'y gamitin ni Satanas na pagkakataon para sila'y tuksuhin na maghanap ng kaligayahan sa ibang tao.

8. Sa maikling salita, ang Biblia ay maliwanag na nagtuturo na ang seks ay napakagandang regalo ng Diyos para sa mag-asawa, na dapat nilang lasapin ang kaligayahan nito nang buong kalayaan. Ang ibig sabihin ay hindi dapat gamitin ng mag-asawa ang seks na parang panakot sa isa't isa. Halimbawa, kailanman ay huwag sasabihin ni misis kay mister, "Sige, pag hindi mo ginawa ang pinagagawa ko sa iyo, hindi ka makakatulog sa tabi ko." Ito rin ang dahilan kung bakit ibinigay ang utos na

ganito sa Efeso 4:26 ("Kayo'y mangagalit at huwag kayong mangakasala: huwag lumubog ang araw sa inyong galit"), lalo na sa mag-asawa. Sinasabi ng Biblia sa mag-asawa, "Asawang lalaki at asawang babae, bago kayo matulog ay siguraduhin ninyo na nagpatawaran kayo sa isa't isa at wala kayong sama ng loob sa isa't isa, upang walang anumang hadlang sa inyong pag-ibig at romansa."

KAIBIGAN SA MATRIMONYO

